Pagsisimula ng Kindergarten – kailan ang tamang panahon?

Ang Victorian Government ay nagbibigay ng pondo upang suportahan ang mga bata para pumasok sa kindergarten sa taon bago sila magsimula sa paaralan.

Mahalagang ang mga bata ay magsimula sa paaralan kung sila ay handa nang matuto sa mas pormal na kapaligiran. Sa gayong dahilan importante para sa mga magulang na isaalang-alang kung kailan ang pinakamabuting panahon para sa kanilang anak na magsimula ng paaralan – sa dahilang ito ang magtatakda nang pinakamabuting panahon para pumasok sa kindergarten.

- Sinumang batang nakapagsimula na sa isang kindergarten program ay maaaring umurong kung ipinasya ng mga magulang na ang bata ay hindi magsisimula ng paaralan sa susunod na taon. Ang pasyang ito ay karaniwang nangyayari sa pamamagitan ng maingat na diskusyon ng mga magulang at guro ng kindergarten ukol sa pinakamabuting interes ng bata. Ang pag-urong mula sa kindergarten program bago matapos ang Term 2 ay nangangahulugan na ang bata ay makababalik sa susunod na taon para sa isang buong taon ng kindergarten sa pagsisimula ng paaralan.
- Mayroon ring kondisyon para sa ikalawang taon ng kindergarten sa mga batang natasang mayroong mga naantalang pag-unlad (developmental delays). (tingnan ang brosyur 'Kailangan ba ng aking anak ng ikalawang taon sa kindergarten?').

Maaaring magkaroon ng pagkalito ukol sa mga pagpiling ito sa sandaling ang mga magulang ay naharap sa impormasyong ang kanilang anak ay maaaring makinabang mula sa paghihintay ng isa pang taon bago pumasok sa isang kindergarten program. Mangyaring makipag-usap sa tauhang nasa inyong serbisyo.

Paghihintay ng ibang taon para sa kindergarten

Bawa't bata ay umuunlad ng may kani-kaniyang pamamaraan, at bagama't ang edad ng inyong anak ay maaari nang makapagsimula ng kindergarten, may iba pang mga kadahilanan na isinasalang-alang upang maging handa sa ganitong uri ng karanasan.

Sa sandaling magdesisyon kayo at ng inyong anak na magsimula ng kindergarten, kayo at ang guro ay maaaring makakita ng mga palatandaan na ang anak ninyo ay hindi pa handa sa ganitong klase ng karanasan. Sa simula kinakailangang mayroon kayong bukas, tapat na ugnayan ng guro, unang-una na ang pagpapanatili ng pangangailangan ng bata at ng kanyang pinakamabuting interes at ng pangangailangan ng pamilya.

Isang pananaw ang maaaring mabuo sa pagdaraan ng panahon na ang inyong anak ay mas magkakaroon ng pakinabang mula sa pangkindergarteng karanasan kung siya ay maghintay pa ng isang taon. Kadalasan ang isyu ay nauukol sa matyuridad ng bata, isang isyung maaaring mabawasan o mawala sa pagdaraan ng panahon. Kung magkaganon man, kung iaalis ninyo ang inyong anak sa katapusan ng Term 2, magkakaroon siya ng buong taon ng kindergarten sa susunod na taon.

Sinuman ay maaaring ialis ang kanilang anak sa katapusan ng Term 2 at ipagpaliban ang taon ng kindergarten, at ibalik ang anak sa susunod na taon.

Tandaan

- Isiping mabuti kung ang inyong anak ay maaaring maging handa na sa paaralan, at gayun din kailan ang pinakamabuting panahon sa pagkakaroon ng isang karanasan sa kindergarten. Kung hindi kayo sigurado, makipag-usap sa iba na kilala ang inyong anak at ng kanilang pagpapasyang inyong pinagtitiwalaan.
- Dumalo sa kindergarten, o sa isang information session at magtanong tungkol sa kindergarten program.
- Bago at pagkatapos magsimula ang inyong anak ng kindergarten program, ibahagi sa guro nang hayagan ang inyong mga pag-aalala, mga kaisipan at mga ideya tungkol sa inyong anak.
- Kung kailangan ninyo ng paliwanag o karagdagang impormasyon tungkol sa ano ang pinakamabuting panahon para sa pagkatuto ng inyong anak sa kindergarten, makipag-usap sa guro ng anak ninyo, sa childcare coordinator o sa maternal at child health nurse.

A Victorian Government Initiative

Victoria The Place To Be

© Departamento de Educación y Desarrollo de la Primera Infancia, 2007